Hulyo 1996

DEPARTAMENTO NG SUNOG NG SEATTLE

Impormasyon ng Bulletin #966

Ang Proseso ng Inspeksyon ng Inhinyero

Madalas na Katanungang Itinatanong

Kailan ako tatawag para sa inspeksyon?

Lahat ng Inspeksyon:

Lahat ng trabaho ay kumpleto, nasubukan at handa. Kung mayroong liham ng pag-aaral ng plano, lahat ng bagay na nakalista sa sulat ay kailangang ayusin bago tumawag para sa inspeksyon. Ang kopya ng tanggap na plano at ang kopya ng liham ng pag-aaral ng plano ay kinakailangang nasa lugar ng proyekto sa oras ng inspeksyon.

Alarma ng Sunog:

Bago tumawag para sa inspeksyon ng permit sa kuryente, ito ay kailangang napirmahan ng Departamento ng Konstruksyon at Paggamit ng Lupa at kailangang masubukan ang sistema. Kasama din dito ang kahat ng kasamang kagamitan at kontrol ng alarma ng sunog. Lahat ng carpeting, ceiling tile, drywall at mga pintuan ay kailangang nasa lugar bago magsasagawa ng pagsubok sa conduct alarm audibility.

Underground Cover o Takip para sa Ilalim:

Ang inspeksyon para sa linya ng tubo sa ilalim ay kailangang isagawa bago takpan . Lahat ng tie rodding, etc. ay kailangang kumpleto at natakpan ng bituminous o iba pang tanggap na corrosion retarding material. Ang pagkabit sa lungsod at sa gusali ay di kinakailangan. Ang inspeksyon ng thrust blocks ay maaring gawin habang o matapos ang pagbuhos. Ang lalim at haba ng bloke ay kinakailangang nakalabas upang masukat.

Underground Hydro o Tubig sa Ilalim:

Ang ilalim ay maaaring takpan matapos maisagawa ang inspeksyon, ngunit ang pressure drops ay kailangan nasa loob ng limitasyon. Ang hydro o pa-tubig ay kinakailangang isagawa bago ang koneksiyon sa gusali o sa Lungsod. Kung ang pagsubok ay laban sa check valves ng lungsod, kinakailangang magkabit ng frying pan.

Underground Flush o Pailalim na Panglinis:

Kailangang isagawa ang inspeksyon bago ang koneksiyon sa sistema ng gusali.

Sprinkler Cover o Takip ng Patubig:

Kailangang tumawag para sa inspeksyon ng takip bago ang pagkabit ng “drywall o ng “tiles” na maaaring humadlang sa nakikitang daanan.

Elevator Inspections o Inspeksyon ng Elevator:

Ang inspeksyon ay di maaring hilingin hanggang ang permit ng kuryente at elevator ay napirmahan at ang sistema ng alarma ay naikabit ng kumpleto.

Sino ang aking tatawagan upang hilingin ang inspeksiyon?

Ang inspeksiyon ay maaaring hilingin sa pagtawag sa telepono 3861443 o maaari mo ring tawagan ang iyong naatasang inspektor sa iyong lugar o lungsod kung alam mo ang kanilang pangalan o ang telepono. Ang lahat ng sistema ay nangangailangang magsagawa ng pagsubok ng paggana bago ang araw ng iskedyul ng inspeksyon.

Ano ang impormasyon na kinakailangan mula sa akin sa paghingi ng inspeksyon?

Ang iyong pangalan, iyong kompanya, iyong numero ng telepono, ang adres ng lugar na iinspeksiyonin, ang numero ng certificate ng magkakabit /tagasubok na darating sa araw ng pagsubok mula sa Departamento ng Sunog ng Seattle, ang Numero ng Plano ng Pag-aaral mula sa Departamento ng Sunog ng Seattle at ang numero ng kagamitang dapat subukan.

Gaano katagal matapos akong tumawag bago dumating ang inspeksyon?

Maiksing panahon ng pag-aantay ng 2 o mahigit na mga araw ayon sa pagkakaroon ng inspektor . Ang overtime na inspeksiyon ay maaring isagawa ng may bayad, at maaaring hilingin at ilalagay na ang inspeksyon ay maaring isagawa. Maingat na pagsunod sa proseso na nakalathala sa bulletin ay maaaring bumawas sa pag-aantay.

Kailangan bang nandiyan ako habang isinasagawa ang inspeksyon?Kailangan bang mayroong pumasang plano sa lugar ng proyekto?
Ang representatibo na maaring magsagawa ng pagsubok, may kakayanang magturo ng daanan sa mga lugar na iinspeksyonin, at certified ng Departamento ng Sunog ng Seattle ay kinakailangang nasa lugar at habang isinasagawa ang inspeksyon. Ang taong ito ay dapat mayroong kopya ng pumasang plano at kopya ng liham ng plano ng pag-aaral.

Kung kailangan kong kausapin ang aking inspektor, kailan ko siya maaaring tawagan?
Ang pagkuha ng iskedyul ay isinasagawa mula 8:00 ng umaga hanggang 9:00 ng umaga, mula Lunes hanggang Biyernes. Ang mga mensahe sa inspektor ay maaaring iwanan mula 7:00 ng umaga hanggang 5:30 ng hapon, mula Lunes hanggang Biyernes,sa 386-1443. Tatawagan ka ng inspektor muli kung sila ay nasa opisina.

Ano ang aking pwedeng gawin kung ako ay may tanong na tungkol sa "code" at walang inspektor?
Ang Lieutenant ng Inhinyero, o ang Inhinyero ng Proteksyon ng Sunog, ay nandiyan sa umaga upang sumagot ng mga katanungan na ukol sa Code ng Sunog ng Seattle. Maaari silang tawagan sa telepono 386-1443. Note: Maaari ring tawagan ang Plan Review Engineers kung ang mga tanong ay may koneksiyon sa Fire Code ngunit maaari lamang huwag silang tawagan ukol sa problema sa "field inspection."

Ano ang mangyayari kung ang aking sistema ay bumagsak sa inspeksyon?
Lahat ng sistema ay kinakailangang subukin muli upang mapatunayan na ito ay gumagana ng maayos bago isagawa ng mga inhinyero ang kanilang inspeksyon. Kung ang sistema ay bumagsak sa orihinal na inspeksyon, ang singil ay ipadadala para sa mga sumusunod pang muling inspeksyon. Ang singil ay magpapakita ng oras na kinailangan para sa inspeksyon, kasama ang opisina at tagal ng oras ng paglalakbay para sa inspektor. (Di bababa sa 2 oras).

Ano ang aking dapat gawin kung di ko naiintindihan ang dapat itama?
Maaari mong tawagan ang iyong inspektor ng diretso sa telepono 386-1443 para sa ano mang paliwanag o paglilinaw na kinakailangan.

Kailan ko maaring gamitin o tirahan ang aking gusali o istraktura?
Ang pagtira at paggamit ng gusali o istraktura ay papayagan lamang matapos ang permiso mula sa Departamento ng Konstruksyon at Paggamit ng Lupa. Ikaw ay lumalabag sa batas kung iyong gamitin ang istraktura ng walang permiso. Kinokonsidera ng Departamento ng Sunog ang paggamit o pagtira kung di empleyado ng konstruksyon o sinimulan ang paggamit ng mga tao upang magtrabaho. Ang pagtigil din ay nagaganap kung ang di permanenteng kagamitan ay ipinasok sa gusali.

Kung ako ay tumawag ng builder para sa pagpapatayo ng aking gusali, sino ang may responsibilidad na tumawag ng inspeksyon at permit na gamitin o tirahan ito?
Ang legal na may-ari ang may responsibilidad na tumawag ng inspeksyon at permit. Kung nais mong ang builder mo ang magsagawa nito para sa iyo, ito ay kailangan mong isaad sa iyong kontrata, ngunit kailangan mo pa ring tingnan at siguraduhing mayroong permiso bago lumipat at manatili sa gusali. Madalas, ang kompanyang tagakabit ang tumatawag upang humingi ng iskedyul para sa inspeksyon bago sila magsimulang magtrabaho.

Kelan ko makukuha ang permit na lumipat at gamitin o manatili sa aking gusali??
Kapag ang proteksiyon sa sunog ay naisagawa at natapos at nakumpleto na ang inspeksyon sa mga labasan.